# Nitong summer vacation, mag-ingat sa pagkalat ng impeksyon (Buod)

## ～ Ang bilang ng mga positibong tao ay malapit sa "Infection Warning" level～

Napagpasyan: 2023 Hulyo 14
COVID-19 Infection Countermeasures HQ Gifu Prefectural Government

Nagpapatuloy ang pagkalat ng impeksyon sa buong bansa.

Sa prepektura, patuloy na tumataas ang bilang ng mga kaso at papalapit na sa Level 2: "Infection Caution Period".

Hinihiling na sundin ang mga sumusunod upang maprotektahan ang sarili, pamilya, at ibang tao.

Sa partikular, upang maprotektahan ang mga taong may mababang resistensiya sa impeksyon atbp. kapag uuwi sa iyong bayan nitong mahabang bakasyon ng summer o *Obon*, o kapag bumisita sa clinic/ ospital o nursing home, maging mas maingat at gawin ang mga pangunahing infection control measures- pagsuot ng mask, maayos na maghugas ng kamay, atbp.

**【Para maiwasan ang pagkalat ng Impeksiyon】**

・Madalas na paghugas ng kamay, pagdisimpekta (hand sanitizing), at bentilasyon

・Kung pupunta sa ospital, clinic, o lugar na may senior citizens, magsuot ng mask.

・Sa mga taong may mataas na panganib na mahawa (mga buntis, mababa ang imunidad, matatanda), magsuot ng mask kung pupunta sa mga mataong lugar.

・Hangga't maaari magpabakuna ng booster shots

・Kung masama ang pakiramdam, itigil ang mga aktibidad at kumonsulta sa inyong doctor o kumuha ng test (gumamit ng mga test kit na aprubado ng gobyerno).

・Ang mga staff sa nursing homes o pasilidad para sa mga may kapansanan ay dapat gumawa ng preventive testing upang maiwasan magdala ng impeksyon sa pasilidad.

**【Para makatulong sa pasanin ng medical services】**

・Kung may lagnat, magstock na ng test kit, antipyretic, at pagkain na pang tatlong araw.

・Bago magpacheck-up, tumawag muna at sundin ang mga alituntunin ng ospital o clinic

・Tumawag lamang ng ambulansya kung emerhensiya